Ang malunggay...bow!

Ang malunggay ay may…

gramo kada gramo ng sariwang murang dahon

=

7 beses na dami ng Bitamina C sa kahel

+

4 beses na dami ng CALCIUM sa gatas

+

4 beses na dami ng ng Bitamina A sa carrots

+

3 beses na dami ng POTASYUM sa Saging

+

¾ ng IRON sa pechay

Ang gabay na ito sa pagtatanim ng malunggay ay ginawa base sa pananaliksik na isinagawa ng Bureau of Plant Industry at **DA Regional Field Unit III sa Malunggay BIOCommerce Center sa Central Luzon Integrated Agricultural Research Center** (CLIARC) sa Paraiso, Tarlac sa ilalim ng programa ng **DA Biotech Program Office** sa pakikipagtulungan ng **National Agribusiness Corporation** (NABCOR).

DA Biotech Program
2/F BSWM Bldg., Visayas Ave. cor Elliptical Rd.,
Diliman, Quezon City
Tel. Nos.: (02) 927-0426; 922-0057
Email: biotechpiu@yahoo.com
Website: www.dabiotechnet.net
www.biotechforlife.com.ph

DA Bureau of Plant Industry
Crop Research Division
San Andres, Malate, Manila
(02) 525-7392

DA Regional Field Unit III
Capitol Compound, San Fernando, Pampanga
(045) 963-5864; 985-0052

National Agribusiness Corporation
Philippine Stock Exchange Tower
Ortigas Center, Pasig City
(02) 706-3298; 687-2498; 687-4897

Bisitahin ang aming malunggay webpage sa:
http://biotechforlife.com.ph/allaboutmalunggay/

GABAY SA PAGTATANIM NG MALUNGGAY



SAAN MAAARING ITANIM ANG MALUNGGAY?

- Sa lupang mabuhaghag, puwedeng sa lagkitin o mabuhangin
- Matatag sa pagkatuyo (drought)
- Mahina sa sobrang tubig

PAANO ITANIM ANG MALUNGGAY?

MULA SA BUTO

1. Piliin ang maitim o matingkad na "brown".
2. Ibabad ang buto sa tubig ng 24 oras.
3. Hugasan ito ng malinis na tubig, isilid sa supot at ilagay sa tuyo at madilim na lugar.
4. Ang mga naibabad na buto ay sisibol sa loob ng 3-10 araw.
5. Itanim agad ang sumibol na buto. Huwag hayaang humaba ang sibol.

Paghahanda ng pagpupunlaan:

1. Paghaluin ang mga sumusunod: 1 takal na kompos + 2 takal na lupa + 1 takal na buhangin
2. Ilagay sa plastik bag ang mga pinaghalong lupa.
3. Itanim ang tumubong buto sa lupang inilagay sa plastik.

Paglilipat-tanim:

- Ilipat-tanim ang punlang malunggay kapag umabot na sa 2 buwang edad.
- Maglipat tanim sa buwang hindi maulan.

MULA SA SANGA

- Piliin ang magulang na sanga.
- Putulin ng pahilis ang magkabilang dulo.

ANO ANG SAPAT NA AGWAT NG PAGTATANIM?

- Itanim ang punlang malunggay o sanga na may 1-3 metro ang layo kung ito ay pamumungahin o kukunan ng buto.
- Kung pagkukunan ng murang dahon, ang agwat ay maaaring 10-30 sentimetro.

PAANO ANG WASTONG PAG-AALAGA NG MALUNGGAY?

PAGDIDILIG

- Diligin matapos magpunla o magtanim
- Diligin matapos maglipat-tanim ng punla
- Diligin tuwing matutuyo ang lupa

PAG-AABONO

- Maglagay ng abonong nitroheno kung ang tanim ay padadahunin.
- Maglagay ng abonong kumpleto (complete fertilizer) kung ang tanim ay pamumungahin.

PAANO ANG TAMANG PAG-AANI NG MALUNGGAY?

DAHON

Kunin ang dahon na hindi masyadong mura at masyadong magulang.

BUNGA

- Pitasin ang bungang hindi pa magulang kung gagamiting pagkain.
- Para pangtanim o para sa langis, pitasin ang bungang magulang.